Name: ______________________________________________ Date: ___________________

Grade & Section: ___________________________ Teacher: ____________________________

# Gamit ng Pandiwa sa Iba't Ibang Sitwasyon

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3 :** Piliin at salungguhitan ang pandiwa sa aspektong ipinahihiwatig ng pangungusap. Gawin ito sa sagutang papel.

1. Masayang (pinaglaruan, pinaglalaruan, paglalaruan) ngayon ni Roxanne ang bago niyang manyika.
2. (Kabibili, Binili, Ibibili) ko pa lang ng mga medyas mo, bakit wala agad?
3. Ang dalaga ay (paglalabahin, ipaglalaba, maglalaba) ng kaniyang ina kapag ito ay sanay na sanay na.
4. (Ipinanghiram, Ipinanghihiram, Ipanghihiram) kita ng damit na isusuot mo sa palatuntunan sa Linggo.
5. (Itinago, Itinatago, Itatago) ko ang kalahati ng aking kita tuwing araw ng suweldo?
6. (Naghanda, Maghanda, Maghahanda) na kayong lahat dahil parating na ang banda ng musiko.
7. Ang aking alagang aso ay ( nawala, nawawala, mawawala) kagabi nang ito'y nakalabas ng bakuran.
8. (Tinatanggal, Tinanggal, Tatanggalin) sa trabaho ang lalaki noong isang linggo.
9. Ang mga anak ni Aling Julia ay (ipinaalis, ipinaaalis, paaalisin) sa lupang tinitirikan ng kanilang bahay sa susunod na taon.
10. (Kinuha, Kinukuha, Kukunin) na ngayon ang lagaring hiniram ni Itay kay Mang Daniel.

LIVEWORKSHEETS